DepEd

DepEd Catanduanes <catanduanes@deped.gov.ph>

# EDTECHAYAGAN 2ND ISSUE

**Apple Flores Baniña - Aprellene Marquez** <aprellene.marquez001@deped.gov.ph> Fri, Mar 18, 2022 at 9:18 AM
To: armm@deped.gov.ph, DepEd RO CAR <car@deped.gov.ph>, DepEd Region XIII CARAGA <caraga@deped.gov.ph>, DepEd RO NCR <ncr@deped.gov.ph>, DepEd I Ilocos Region <region1@deped.gov.ph>, Deped II Cagayan Valley <region2@deped.gov.ph>, Department of Education Regional Office III <region3@deped.gov.ph>, DepEd RO IV-A <region4a@deped.gov.ph>, mimaropa region <mimaropa.region@deped.gov.ph>, DepEdIX ZamPen <region9@deped.gov.ph>, DepEd RO V <region5@deped.gov.ph>, DepEd VI Western Visayas <region6@deped.gov.ph>, DepEd RO VII <region7@deped.gov.ph>, Region VIII Eastern Visayas <region8@deped.gov.ph>, Department of Education Region 10 <region10@deped.gov.ph>, DepEd RO XI <region11@deped.gov.ph>, DepEd XII Soccsksargen <region12@deped.gov.ph>, DepEd ARMM <armm.osec@deped.gov.ph>, BARMM MBHTE <min.ed.barmm@gmail.com>, DepEd RO NCR-Gmail <depedncrph@gmail.com>, DepEd Abra <abra@deped.gov.ph>, agusan.delnorte@deped.gov.ph, agusan.delsur@deped.gov.ph, aklan@deped.gov.ph, DepEd Alaminos City <alaminos.city@deped.gov.ph>, DepEd Albay <albay@deped.gov.ph>, angeles.city@deped.gov.ph, DepEd Antipolo City <antipolo.city@deped.gov.ph>, antique@deped.gov.ph, DepEd Apayao <apayao@deped.gov.ph>, aurora@deped.gov.ph, DepEd Bacolod City <bacolod.city@deped.gov.ph>, DepEd Bacoor City <bacoor.city@deped.gov.ph>, bago.city@deped.gov.ph, baguio.city@deped.gov.ph, DepEd Bais City <bais.city@deped.gov.ph>, DepEd Balanga City <balanga.city@deped.gov.ph>, basilan@deped.gov.ph, DepEd Bataan <bataan@deped.gov.ph>, DepEd Batac City <batac.city@deped.gov.ph>, DepEd Batanes <batanes@deped.gov.ph>, batangas.city@deped.gov.ph, batangas@deped.gov.ph, bayawan.city@deped.gov.ph, DepEd Baybay City <baybay.city@deped.gov.ph>, bayugan.city@deped.gov.ph, DepEd Benguet <benguet@deped.gov.ph>, wewrtew trew <bislig.city@deped.gov.ph>, bogo.city@deped.gov.ph, bohol@deped.gov.ph, borongan.city@deped.gov.ph, bukidnon@deped.gov.ph, DepEd Bulacan <bulacan@deped.gov.ph>, butuan.city@deped.gov.ph, DepEd Cabadbaran City <cabadbaran.city@deped.gov.ph>, cabanatuan.city@deped.gov.ph, cadiz.city@deped.gov.ph, cagayan@deped.gov.ph, cagayandeoro.city@deped.gov.ph, DepEd Calamba City <calamba.city@deped.gov.ph>, calapan.city@deped.gov.ph, calbayog.city@deped.gov.ph, caloocan.city@deped.gov.ph, DepEd Camarines Norte <camarines.norte@deped.gov.ph>, camarines.sur@deped.gov.ph, DepEd Candon City <candon.city@deped.gov.ph>, DepEd Capiz <capiz@deped.gov.ph>, carcar.city@deped.gov.ph, DepEd Catanduanes <catanduanes@deped.gov.ph>, catbalogan.city@deped.gov.ph, cauayan.city@deped.gov.ph, DepEd Cavite City <cavite.city@deped.gov.ph>, cavite@deped.gov.ph, DepEd Cebu City <cebu.city@deped.gov.ph>, cebu@deped.gov.ph, compostela.valley@deped.gov.ph, cotabato.city@deped.gov.ph, cotabato@deped.gov.ph, Deped Dagupan <dagupan.city@deped.gov.ph>, danao.city@deped.gov.ph, dapitan.city@deped.gov.ph, DepEd Dasmarinas City <dasmarinas.city@deped.gov.ph>, davao.city@deped.gov.ph, davao.delnorte@deped.gov.ph, davao.delsur@deped.gov.ph, digos.city@deped.gov.ph, DepEd Dinagat Islands <dinagat.islands@deped.gov.ph>, dipolog.city@deped.gov.ph, DepEd Dumaguete City <dumaguete.city@deped.gov.ph>, DepEd Eastern Samar <eastern.samar@deped.gov.ph>, DepEd El Salvador City <elsalvador.city@deped.gov.ph>, DepEd Escalante City <escalante.city@deped.gov.ph>, DepEd Gapan City <gapan.city@deped.gov.ph>, generalsantos.city@deped.gov.ph, DepEd Gingoog City <gingoog.city@deped.gov.ph>, DepEd Guihulngan City <guihulngan.city@deped.gov.ph>, DepEd Guimaras <guimaras@deped.gov.ph>, ifugao@deped.gov.ph, igacos@deped.gov.ph, ilagan.city@deped.gov.ph, DepEd Iligan City <iligan.city@deped.gov.ph>, DepEd Ilocos Norte <ilocos.norte@deped.gov.ph>, DepEd Ilocos Sur <ilocos.sur@deped.gov.ph>, iloilo.city@deped.gov.ph, DepEd Iloilo <iloilo@deped.gov.ph>, DepEd Imus City <imus.city@deped.gov.ph>, DepEd Iriga City <iriga.city@deped.gov.ph>, isabela.city@deped.gov.ph, kalinga@deped.gov.ph, kidapawan.city@deped.gov.ph, DepEd Koronadal City <koronadal.city@deped.gov.ph>, la.union@deped.gov.ph, lacarlota.city@deped.gov.ph, DepEd Laguna <laguna@deped.gov.ph>, lamitan.city@deped.gov.ph, lanao.delnorte@deped.gov.ph, lanao.delsur1a@deped.gov.ph, lanao.delsur2a@deped.gov.ph, lanao.delsur2b@deped.gov.ph, DepEd Laoag City <laoag.city@deped.gov.ph>, laonao.delsur1b@deped.gov.ph, lapulapu.city@deped.gov.ph, DepEd Las Pinas City <laspinas.city@deped.gov.ph>, DepEd Legazpi City <legazpi.city@deped.gov.ph>, leyte@deped.gov.ph, ligao.city@deped.gov.ph, lipa.city@deped.gov.ph, DepEd Lucena City <lucena.city@deped.gov.ph>, DepEd Maasin City <maasin.city@deped.gov.ph>, mabalacat.city@deped.gov.ph, maguindanao1@deped.gov.ph, maguindanao2@deped.gov.ph, DepEd Makati <makati.city@deped.gov.ph>, DepEd Malabon City <malabon.city@deped.gov.ph>, malaybalay.city@deped.gov.ph, DepEd Malolos City <malolos.city@deped.gov.ph>, mandaluyong.city@deped.gov.ph, mandaue.city@deped.gov.ph, manila@deped.gov.ph, marawi.city@deped.gov.ph, marikina.city@deped.gov.ph, marinduque@deped.gov.ph, DepEd Masbate City <masbate.city@deped.gov.ph>, masbate@deped.gov.ph, mati.city@deped.gov.ph, DepEd Meycauayan City <meycauayan.city@deped.gov.ph>, misamis.occidental@deped.gov.ph, DepEd Mountain Province <mt.province@deped.gov.ph>, DepEd Munoz Science City <munozscience.city@deped.gov.ph>, muntinlupa.city@deped.gov.ph, naga.cebu@deped.gov.ph, naga.city@deped.gov.ph, naga.city1@deped.gov.ph, DepEd Navotas City <navotas.city@deped.gov.ph>, negros.occidental@deped.gov.ph, DepEd Negros Oriental <negros.oriental@deped.gov.ph>, north.cotabato@deped.gov.ph, northern.samar@deped.gov.ph, DepEd Nueva Ecija <nueva.ecija@deped.gov.ph>, nuevavizcaya@deped.gov.ph, olongapo.city@deped.gov.ph, DepEd Oriental Mindoro

D 1119 - RM-DO EM407

SDO1 Pangasinan <pangasinan1@deped.gov.ph>, pangasinan2@deped.gov.ph, paranaque.city@deped.gov.ph, pasay.city@deped.gov.ph, pasig.city@deped.gov.ph, passi.city@deped.gov.ph, quezon.city@deped.gov.ph, DepEd Quezon <quezon@deped.gov.ph>, quirino@deped.gov.ph, DepEd Rizal <rizal@deped.gov.ph>, romblon@deped.gov.ph, roxas.city@deped.gov.ph, sagay.city@deped.gov.ph, samar@deped.gov.ph, "DepEd San Carlos City (Reg. 1)" <sancarlos.city1@deped.gov.ph>, sancarlos.city6@deped.gov.ph, sanfernando.city1@deped.gov.ph, sanfernando.city3@deped.gov.ph, DepEd San Jose City <sanjose.city@deped.gov.ph>, DepEd San Jose del Monte City <sanjosedelmonte.city@deped.gov.ph>, sanjuan.city@deped.gov.ph, DepEd Division of San Pablo City <sanpablo.city@deped.gov.ph>, "DepEd Sta. Rosa City" <santarosa.city@deped.gov.ph>, DepEd Santiago City <santiago.city@deped.gov.ph>, saranggani@deped.gov.ph, DepEd Siargao <siargao@deped.gov.ph>, DepEd Silay City <silay.city@deped.gov.ph>, siquijor@deped.gov.ph, DepEd Sorsogon City <sorsogon.city@deped.gov.ph>, Sdo-sorsogon_province <sorsogon@deped.gov.ph>, south.cotobato@deped.gov.ph, southern.leyte@deped.gov.ph, DepEd Sultan Kudarat <sultan.kudarat@deped.gov.ph>, sulu@deped.gov.ph, DepEd Surigao City <surigao.city@deped.gov.ph>, DepEd Surigao Del Norte <surigao.delnorte@deped.gov.ph>, surigao.delsur@deped.gov.ph, tabaco.city@deped.gov.ph, Deped Tabuk City <tabuk.city@deped.gov.ph>, tacloban.city@deped.gov.ph, DepEd Tacurong City <tacurong.city@deped.gov.ph>, tagbilaran.city@deped.gov.ph, taguig.pateros@deped.gov.ph, tagum.city@deped.gov.ph, talisay.city@deped.gov.ph, tanauan.city@deped.gov.ph, tandag.city@deped.gov.ph, tangub.city@deped.gov.ph, tanjay.city@deped.gov.ph, DepEd Tarlac City <tarlac.city@deped.gov.ph>, DepEd Tarlac <tarlac@deped.gov.ph>, tawitawi@deped.gov.ph, DepEd Tayabas City <tayabas.city@deped.gov.ph>, toledo.city@deped.gov.ph, DepEd Tuguegarao <tuguegarao@deped.gov.ph>, DepEd Urdaneta City <urdaneta.city@deped.gov.ph>, valenciacity_r10@deped.gov.ph, valenzuela.city@deped.gov.ph, vigan.city@deped.gov.ph, zambales@deped.gov.ph, DepEd ZamboangaCity <zamboanga.city@deped.gov.ph>, zamboanga.delnorte@deped.gov.ph, zamboanga.delsur@deped.gov.ph, Ministry Education <min-edu@bangsamoro.gov.ph>
Cc: Mark Anthony Sy <mark.sy002@deped.gov.ph>

**DEAR ALL,**

Greetings!

The Office of the Information and Communications Technology Service - Educational Technology (ICTS -EdTech) Unit respectfully shares a digital copy of the 2nd Issue of EdTechayagan for dissemination.

Thank you and have a blessed day ahead!

Respectfully yours,




DepED

**Aprellene B. Marquez**
Supervising Educational Technology Specialist

aprellene.marquez001@deped.gov.ph SDO La Union

CENTRAL OFFICE, DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City, Metro Manila



This communication may contain confidential or privileged information, and is intended solely for the individual or entity to whom it is addressed. Any disclosure, dissemination, or any action taken in reliance to it by others, other than the intended recipient, is strictly prohibited. The opinions, ... and statements ... message are those of the sender and may not necessarily reflect the views of the Department of Education.


DEPED DIVISION OF LA UNION
RECORDS SECTION
RELEASED
BY:
DATE: 3/22/22 TIME: 11:50AM


March 18, 2022

**To : School Heads, Teachers & All Others Concerned**

For information and widest dissemination.

**SUSAN S. COLLANO**
Schools Division Superintendent

ICTU-3/16/2022-jbm





# EdTechayagan

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT

TOMO 1 • ISYU 2
MARSO 15, 2022



*Mga kuhang larawan ni Rommel Enclonar Mata, R10*

## NORTHMIN DEPED TV TEAM, PINALAKAS

### RX TRAINING-WORKSHOP SA VIDEO LESSON PRODUCTION, KINASA

*ni Pamela Amor R. Villanueva*

Hindi hadlang ang layo upang ang pangarap ay mabuo. Ito ang inspirasyon ng 13 dibisyon sa Northern Mindanao sa ginanap na Training Enhancement for Divisional DepED TV Training Teams.

Pinangunahan ng Broadcast Media and Streaming Team – DepED TV Core Team ang nasabing training of trainers sa Region 10, noong Pebrero 20-25, 2022.

Mainit ang pagsalubong na ibinigay ni Regional Director Arturo B. Bayocot sa Division representatives at buong delegasyon ng DepEd TV Core Team sa pangunguna ni G. Salvador E. Manansala I. Hinikayat ni RD Art ang mga guro na patuloy na paunlarin ang sarili sa mga isinasagawang mga training-workshop upang maibahagi rin sa kanilang kapuwa guro ang natutuhan. “Multiply your learnings from this training with your co-teachers when you go back to your stations. We need to help one another to be better, every day,” dagdag pa ni RD Art.

Kaagapay ng DepEd TV Core Team ang Lanao del Norte Remote Team sa limang araw na refresher course sa pagtalakay sa mga paksang makatutulong sa pagbuo ng isang naka-eengganyo at komprehensibong video lesson.

Sinimulan ito ng pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapatuloy ng edukasyon sa paksang “Learning Continuity in the Pandemic Using Television in the Delivery of Quality Education” ni G. Salvador Manansala I. Ipinaliwanag ni G. Manansala kung paanong ang telebisyon ay naging isang malaking instrumento sa pagtulay ng edukasyon lalo pa sa nararanasang pandemya.

*sundan sa pahina 2*

## MGA NILALAMAN




Sa kaniyang topic na "Secret No More: Best Practices in Creating Video Lessons" ay ipinaliwanag ni Gng. Gennifer De Jesus ang mga yugto ng video lesson production. Nagbigay rin si Ma'am Gen ng mga tips kung paano makabubuo ng isang malakas na production team.

Binigyan naman ng tips ang mga teacher-broadcaster ng bawat dibisyon kung paano sila mas magiging komportable sa pagharap sa camera at sa pagbabato ng kanilang spiels sa session ni G. John Jefferson Sevilla, "I CAN, I CAME, I CONQUER: Building Confidence in Broadcast Teaching."



*kuha ni Rommel Enclonar Mata*

Tinutukan naman ni G. Marco Paolo Victoriano sa kaniyang pagtalakay sa paksang "TO HAVE AND TO HOLD: Use of Props, Materials and Showing Hands-On Activities in a Video Lesson" ang tama at mahusay na paglalagay ng mga gamit sa mga video lessons. Ayon sa kaniya, "Ang paggamit ng props ay dapat na pinaplano."

Boses naman ang tinutukan ni G. Jann Wilbur Gale sa paksang "THEY CAN SEE YOUR VOICE: Beyond Hindi naiwan ang paksang para sa inclusion ng mga mag-aaral na kabilang sa deaf community. Tinalakay ni G. Jamil Carvajal sa kaniyang paksang "Filipino Sign Language: Bridging Gaps Thru Sign," ang kahalagahan ng pagkatuto sa sign language at pag-embed nito sa mga video lessons.

Pinuno ng malalaking ideya ang lahat ng mga kalahok sa ibinahaging paksa ni G. Deejay Santiago, "Bringing Out the Maritess in You: The Magic of Telling Stories in Your Video Lessons." Ayon sa kaniya, maraming anggulo ang isang lesson lalo pa kung matututong gumamit ng contextualization.

Nagbigay ng maraming paalala si Bb. Maricon Samin sa mga kalahok kung paanong mas maging mahusay na teacher broadcaster on and off -cam. Inisa-isa ni Ma'am Maricon ang "Qualities of a Good Teacher Broadcaster" na mas makatutulong sa mga gawain mula pre-production hanggang airing ng mga episodes.

Pitong oras namang tinutukan ni Ma'am Pamela Amor Villanueva ang pagsulat, contextualization ng script at quality assurance ng mga episodes. Hinimay ang bawat bahagi at tinulungan ang mga kalahok na maisagawa ang pagsasabuhay ng mga kuwento sa bawat aralin. Ipinasilip din ni Ma'am Pam sa kaniyang paksang "TO WRITE AND TO HOLD: Lesson Contextualization and Content Creation Secrets Revealed" ang proseso sa pag-quality assurance ng mga scripts at video lessons. Pinagsulat din ang ay ang hands-on activity sa camera framing, editing at iba pang post-production procedures na tinutukan ng Lanao Del Norte Remote Team sa pangunguna ng kanilang director, G. Earl Tolero. Kitang-kita sa lahat ng mga kalahok ang gigil na matuto at makapagbahagi ng kani-kanilang best practices sa pagbuo ng video lesson. Binigyang-buhay din nila sa camera ang 10-minute video lesson na isinulat ng kani-kanilang content creator at teacher broadcaster sa session ng scriptwriting.

Inilabas naman ng mga taga-NorthMin ang lawak ng kanilang imahinasyon at husay ng kanilang mga kamay sa paglikha ng mga illustrations sa session ni G. Rafael Martinez, "TO SEE AND TO BELIEVE: Illustrating the Concept." Tinuruan ni Sir Raffy ang mga pariticipants ng mga simpleng strokes sa pagguhit at pinalawak ang kanilang creativity sa pag-iisip ng mga illustrations at graphics design sa kani-kanilang episodes.



*kuha ni Rommel Enclonar Mata*

Nagkaroon din ng presentation and critiquing of output sa ikaapat na araw ng nasabing training-workshop. Pinanood at binigyang-puna ng mga speakers ang 13 video episodes na ginawa ng bawat kalahok. Tinutukan ang application ng kanilang mga natutuhan sa bawat video episodes na kanilang ipinakita.

Umuwing punong-puno ng baon na bagong kaalaman at pinaigting na kakayahan ang mga kalahok ng nasabing training. Tinanggap din nila ang hamon ni Dir. Abram YC. Abanil , Director IV ng ICTS na ipagpatuloy ang pagkatuto sa bagong kaalaman at mas maging bukas sa mga pagbabagong mas makatutulong sa mga kabataan.

Natapos ang naturang training

# PROJECT KEY – PATULOY ANG PAG-USAD PARA SA MTB-MLE DIGITIZED RESOURCES

*ni Aprellene B. Marquez*

Patuloy ang pag-usad ng "PROJECT KEY: The Creation of Electronic Modules in Mother Tongue Based – Multilingual Education of K to 12 Basic Education Curriculum" na isang patunay sa hangarin ng ICTS-EdTech na masuportahan ang pangangailangan ng bawat guro at mag-aaral na maabot gamit ng makabagong teknolohiya sa paraan ng pagtuturo.

Upang mapagtibay ang kaalaman sa pag-uugnay ng aspektong kurikulum at teknolohiya batay sa stages ng PROJECT KEY, naganap ang isang virtual training session para sa mga kasapi ng programa noong ika-10 ng Pebrero 2022 gamit ang Microsoft Teams. Isa ito sa mga paraan upang magabayan at maihanda ang mga kasaping guro upang maging pulido ang resulta sa paggawa ng kani-kanilang instructional videos bilang tugon at gabay sa mga inaasahang bunga ng PROJECT KEY.

Ang mga paksang siksik at umaapaw sa impormasyon ay ibinahagi ng DepEd TV Core Team na lubos na hinangaan at pinagpapasalamat ng mga nakadalo sa virtual training. Narito ang mga paksa at naging resource speakers para sa natapos na webinar.

1. Learning Continuity in the Pandemic: Using Television in the Delivery of Quality Education ni Salvador E. Manansala I,
2. The Essential Elements of Educational Broadcasting at the Present Time ni Eileen Maglanque,
3. STOP, LOOK and ROLLING: Qualities of a Good Teacher Broadcaster ni Maricon Samin,
4. I CAN, I CAME, I CONQUER: Building Confidence in Broadcast Teaching ni John Jefferson Sevilla,
5. Organization of Ideal Production Team/ Roles of Production Team Members/ Phases of Video Production ni Raymond Casama,
6. Lights, Camera and Action: Techniques in Video Creation, Editing, and Production ni Neil Arvin Bautista,
7. It's a Yes for Me! Passing Quality Assurance and Scriptwriting Workshop ni Pamela Amor Villanueva,
8. TO HAVE AND TO HOLD: Use of Props, Materials and Showing Hands-On Activities in a Video Lesson ni Pamela Amor Villanueva,
9. Bringing Out the Maritess in You: The Magic of Telling Stories in our Video Lessons ni Deejay Santiago,
10. FSL : Bridging Gaps thru Signs ni Jamil Carvajal,
11. Hindi ito Drawing - Putting Lines, Shades and Color in Video Lessons (Animation and Illustration) ni Rafael Martinez, at
12. They can See your Voice: Beyond the Monotonous You ni Jann Wilbur Gale.

Ang suporta ng SDO–La Union at SDO–San Carlos City ay naipamalas sa training. Inabot man ng gabi ang webinar training ay patuloy na naging aktibo ang mga guro dahil sa mga gawaing lubusang naghasa at nagpakilala ng kasanayan sa tamang proseso sa paglikha ng epektibong instructional videos. Ang pagkatuto ay walang sinusukat na oras. Ang ipinakitang dedikasyon ng mga guro sa gawaing ito ay tatak ng bawat gurong Pilipino na ilaan ang oras at panahon para sa ikabubuti ng mga mag-aaral. Ang sakripisyong ito ay magbubunga ng malakihang resulta para maabot ang bawat mag-aaral gamit ang interaktibong kagamitan sa pagtuturo. "No dekalidad nga edukasyon iti maipaay kadagiti agtutubo, manamnama nga amin ida ket makasuro."



# RBI SA CSJDM TULOY SA PAGSAHIMPAPAWID

*nina Maricon N. Samin at John Jefferson C. Sevilla*



Aarangkada na sa Division of City of San Jose Del Monte Bulacan ang proyektong mas magpapaigting sa adbokasiyang walang batang maiiwan. Naging matagumpay ang ginanap na pagpupulong ng DepEd TV Core Team sa pangunguna ni G. Salvador E. Manansala I at ng SDO-CSJDM sa pamumuno naman ni SDS Merlina P. Cruz, PhD CESO VI.

Tinalakay sa nasabing pagpupulong ang nalalapit na collaborative activity na Train the Trainers Program: Project on Radio-Based Instruction (RBI) sa darating na Abril, 2022. Layunin ng nasabing proyekto na mapalakas ang hanay ng mga teacher-broadcasters, content creators, at editors sa pagbuo ng isang contextualized lesson sa pamamagitan ng podcasting.



Bibigyang-diin sa naturang training ang kahalagahan ng pagkatutuo at paggamit sa teknolohiya ng hindi naisasakripisyo ang kalidad ng nilalaman at

TOMO 1 • ISYU 2 • MARSO 15, 2022
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT

# 'SINING NG PAG-ASA': NATIONAL ARTS MONTH, NA-ETULAY!

*ni May Antonette G. Magwili*




Ipinagdiwang ngayong taon ang National Arts Month sa pangunguna ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) na may temang "Sining ng Pag-asa" na kung saan kinikilala ang sining bilang isang bukal ng PAG-ASA na hindi alintana ang pandemya upang ito ay maisakatuparan.

Naglunsad ang DepEd ETULAY ng programa para sa nasabing pagdiriwang na ipinalabas ng LIVE sa iba't ibang DepEd Social Media Accounts na nilahukan ng mahigit kumulang na 3000 viewers mula sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang ETULAY National Arts Month ay isinagawa ng tatlong sabado: Pebrero 12, 19, at 26 mula 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali. Ito ay dinaluhan nina Dir. Abram YC. Abanil – Director IV ng DepEd Information and Communications Technology Service; Mga Keynote speakers na sina Bb. Michelle D. Clarito, mula sa SDO Laguna, Dr. Joel T. Torrecampo, Superintendent ng SDO Las Piñas; at G. Orlando P. Abon, miyembro ng National Committee in Culture Education, National Commission for Culture, and the Arts.




Ipinakita ang iba't ibang uri ng sining na hitik sa kultura ng ating bansa sa unang araw ng pagdiriwang. Isa na rito ang Official Entry ng SDO-Bulacan na Sayaw Pinoy 2021 sa NCCA, kasunod naman ay isang madamdaming awitin ni Bb. Romarie Punongbayan na "Malaya", Mixed Media Arts ni Bb. Maria Michelle V. Lacdao, Ballet Dance nina G. Markson Verdejo at Bb. Sheila Mea Verdejo, Kundiman Song na "Bituing Marikit" ni Bb. Ma. Faye N. Labonete,

ang Kapalaran" ni Bb. Princess Faith S. Aquino.

Naganap ang ETULAY Tutors Got Talent sa pangalawang araw na kung saan nagpakitang gilas ang mga Tutors ng kanilang mga talento sa iba't ibang larangan. May umawit, sumayaw, nagkarate at umarte. Kabilang sa mga Tutors na nagpakita ng kanilang talento ay sina Tutor Era E. Limongco, Tutor Tanilyn C. Reyes, Tutor Luis John Quiambao, Tutor Rosemarie F. Magno, Tutor Michael Angelo C. Maleriado, Tutor Erza Ulep, Tutor Maria Cristina V. Causaren, Tutor Romeo A. Nuevo Jr., Tutor Sharmaine S. Tumangan, Tutor John Walter M. Soriano, Tutor Mark Kevin L. Olimba, Tutor Ramelita Rafa, Tutor Gerald Ramos, at Tutor Merlita Abao kasama ang kaniyang kapareha sa pag-awit na si G. Gerame Tura.



Naging kapana-panabik ang huling araw ng episode sapagkat dito ibinahagi ang mga nagwagi sa iba't ibang patimpalak sa mga Tutees ng ETULAY gaya ng Hip Hop Dance Contest, Tiktok Dance Challenge, Watercolor Painting Contest, Likhang Sining (Creative Drawing and Coloring for K-G3), Poster Making Contest, Photo Essay Contest, Virtual Himig Kundiman, ECOltura: Rampa, Feast ng Pinas, OPM Dance Exercise, Solo Instrument Contest, at Vocal Solo Contest.

Matagumpay itong naisakatuparan dahil sa mga masisipag na Technical Working Group, na pinamunuan ni G. Mark Anthony F. Jamisal, Program Lead ng ETUlay kasama ang ETUlay EdTech Specialists na sina Bb. May Antonette G. Magwili at G. Jester M. Pagkaliwagan; G. Jester B. Sogitao, Arts Month Chairman, kaakibat si Bb. Jinabelle V. Prieto, Co-chairman; Mga magiging na miyembro sa likod ng camera na sina G. Jerk S. Diaz, Bb. Romarie Punongbayan, Bb. Vida Bianca Mercader-Laus, G. Rommel John I. Aballe, G. Aristotle James A. Alvarez, Bb. Joanna Dionisio, Bb. Eujan Ruflyn Alice G. Abracia, G. Erice L. Martin, Bb. Mary Antonette C. Magtanong, G. John Walter M. Soriano, G. Rafael Martinez, G. Ariel Delos Santos, G. John David Martin, G. Jonathan Almirante, G. Markson Verdejo, Bb. Maria Cristina Causaren, at Bb. Merlita Abao.

Isang patunay na ang Pilipinas ay maraming SINING na maghahatid sa atin sa rurok ng tagumpay at makilala

# KOMPREHENSIBONG PAGSASANAY SA ADOBE, UMARANGKADA NA!

*ni Adriyel M. Santiago*

Nagsagawa ng mga pagsasanay sa pangunguna ng Multimedia Team ng Information and Communications Technology Service – Educational Technology Unit (ICTS-EdTech) sa mga guro ng bawat rehiyon sa buong Pilipinas upang mas maging malawak at mas maging komprehensibo ang paghasa sa kakayahan sa paggamit ng Adobe software.




Ang mga pagsasanay na isinasagawa ay alinsunod sa OUA Memo 00-1221-0147 na inilabas noong ika-23 ng Disyembre taong 2021. Ito ay naglalayong bigyan ng pagkakataon ang mga guro sa pampublikong paaralan na magkaroon ng libreng Adobe Creative Cloud Licenses. Maliban sa pamamahagi ng mga ito, nais din bigyang pansin ng DepEd ang paghubog sa kakayahan ng mga guro bilang isang Adobe Creative Educator (ACE).




Sa pangunguna ng Team Leader ng Multimedia Team na si G. Neil Arvin V. Bautista ay naging matagumpay ang kanilang unang hakbang upang mas mapalawak ang pagsasanay para sa ACE Level 1 Certification. Sa kasalukuyan, sila ay nakapagsagawa na ng mga pagsasanay sa Region XI na nilahukan ng 29,000 na mga guro, Region III mula sa Cluster 1 na nilahukan ng 2000 na mga guro, Cluster 2 na may 6,400 na lumahok, Cluster 3 na pumalo sa 2600 na bilang ng mga guro, at Cluster 4 na nakapagtala naman ng 9700 na guro na nagsilahok.


Ipinagpatuloy pa ang pagsasanay sa iba pang mga rehiyon tulad ng Region IV-A sa SDO-Cavite Province na nilahukan ng 10,000 na mga guro, CAR mula sa Cluster 1 na nakapagtala ng 1800 na mga guro na lumahok, CAR Cluster 2 na may 738 na mga guro na nakiisa sa pasasanay, Region XII sa SDO-Cotabato na may bilang na 41 na guro na nakapagsanay, Region I na nilahukan ng malaking bilang ng mga guro na pumalo sa 47,000, at O'Donnell High School, Capas Tarlac na nagmula sa Region III na nilahukan ng 100 na mga guro.

Hindi magiging matagumpay ang mga pagsasanay na ito kung hindi dahil sa sipag at dedikasyon ng mga miyembro ng Multimedia Team. Ito




ay pinangunahan ng Program Lead for Animation and Design - Alvin A. Sy, Program Lead for Video Editing and Videographers - Danna Rose C. Javier, Program Lead for Digital Illustration and Design - Arvin Key N. Barles, Program Lead for Graphics and Templates - Adriyel M. Santiago, at Program Lead for Adobe for Education - Glenn L. Huraño. Kasama rin ang mga EdTech Specialist na sina Dennis A. Evangelista, Roderick A. Fajardo, Karl Gabrielle G. Buenafe, Faye Marie S. Ilano, Maria Camille L. Villanueva, Diosdado S. Parungao at Lorenz G. Villaflor.

Magpapatuloy pa ang mga pagsasanay sa paggamit ng mga Adobe software upang ang lahat ng mga guro ay makasabay sa mga pagbabago at lubos na maunawaan ang kahalagahan sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo. Ito ay makatutulong din upang maihanda ang ating mga mag-aaral sa mga kinakailangan kasanayan sa makabagong panahon.




# SDO-BULACAN, AARANGKADA ON-AIR

*ni Marco Paolo M. Victoriano*

Suportado ng SDO-Bulacan ang panawagan ng Kagawaran na walang batang maiiwan. Kaya naman, hindi nagpapahuli ang dibisyon sa paghasa sa mga guro upang maisagawa ang adbokasiyang ito.

Katulong ang DepEd TV at DepEd Radio Core Team ay kasado na ang Training of Trainers in Producing Lessons On-Air sa SDO-Bulacan sa ilalim ng pamumuno ni SDS Zenia G. Mostoles, PhD CESO V.

Inilatag ang mga layunin at output sa magaganap na training-workshop sa isang face-to-face meeting ng Broadcast Media and Streaming Team at SDO-Bulacan officials nitong Pebrero 11, 2022 . Binigyang-diin ang pagpapalakas sa hanay ng mga content creators, teacher-broadcasters at video editors sa pagbuo ng isang makabuluhang video lesson at radio-based instruction na maaaring magamit online at offline.



Inaasahang sa darating na Abril, 2022 ay mas mauunawaan ng mga guro na hindi dapat maisakripisyo ang kalidad ng nilalaman at kasanayan sa

TOMO 1 · ISYU 2 · MARSO 15, 2022
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT


## *R7 ALS IMPLEMENTERS:*
# AKTIBO PARA SA PROGRESO NG MAKABAGONG PAGTUTURO

*nina Danna Rose C. Javier at Neil Arvin V. Bautista*

Nilahukan ng limamput dalawang guro ng Alternative Learning System mula sa iba't ibang Division Offices ng DepEd Region VII ang Training-Workshop for ACE Certifications Levels 1 and 2,and Production of Quality-Assured Video Lesson for ALS Implementers na ginanap sa DepEd EcoTech, Sudlon, Lahug, Cebu City noong Marso 1-5, 2022.



*kuha ni Daisy Ann B. Alferez*

Layunin ng nasabing training-workshop na matulungan ang mga guro sa Rehiyon VII na maging pamilyar at matutuhan ang paggamit ng mga Adobe software tulad ng Adobe Creative Cloud Express (formerly Adobe Sparks), Adobe Photoshop, Adobe Illustrator, Adobe After Effects at Adobe Premiere upang makabuo ng mga high-quality at professionally-made digital instructional materials tulad ng mga poster, banner, art card at instructional video lessons. Kaakibat ng mga software na ito ay ang ilang paghahanda sa sarili na makilala ang mga konsepto, terminolohiya at proseso na kailangang malaman ng mga magiging miyembro ng Multimedia Team sa kanilang rehiyon.



*kuha ni Daisy Ann B. Alferez*

Ang training-workshop ay pinangunahan ng ICTS-EdTech Multimedia Team na pinangunahan ni G. Neil Arvin V. Bautista, Multimedia Team Leader kasama ang ilang EdTech Specialist at teacher-broadcaster ng Deped TV na sina G. Adriyel M. Santiago, Bb. Danna Rose C. Javier, G.


*kuha ni Daisy Ann B. Alferez*

Ayon kay G. Danilo V. Nunez Jr., ALS Implementers sa Cebu, ang nasabing pagsasanay ang nagpamulat sa napakalaking bagay na matututuhan ng mga guro ang paggamit ng mga Adobe software sa paggawa ng iba't ibang instructional materials. Maaaring sila ay nahihirapan ngayon dahil sa pagbabago ngunit handa silang sumabay sa progreso upang maitawid ang edukasyon para sa bata at para sa bayan.



*kuha ni Daisy Ann B. Alferez*

Sa kabila ng kalamidad na pinagdaanan ng rehiyon ay ipinakita ng mga teacher-participants na sila ay pursigido na matuto ng mga bagong kaalaman sa pagtuturo upang mapabilis at mapagaan ang paghahatid ng makabagong impormasyon sa kanilang mga mag-aaral lalong-lalo na sa mga Last Mile Schools.



# MINECRAFT: EDUCATION EDITION PILOT SCHOOLS PROGRAM

*ni Rubilyn C. Pastrano*





Sa kadahilanang makatulong sa pagpapayabong at pagtulong sa Kagawaran ng Edukasyon, inilunsad ang Game-Based Learning (GBL) at Block-Based Programming upang mahasa ang mga mag-aaral sa mga kasanayang teknolohikal at makasabay sa makabagong DepEd at modernong mundo gamit ang Minecraft: Education Edition (MEE) sa pangunguna nina Gng. Rubilyn Pastrano at G. Glenny E. Laping bilang mga Project Lead.

Sa pakikipagtulungan sa Microsoft Education Philippines, naitalaga ang Line Learning Development Solutions na pinangungunahan ng mga Minecraft Global Mentors na sina G. John Erwin Magno, G. Eufer Pasion, G. Charles Rommel Magno, at Bb. Felice Caya - bilang kaagapay sa pagsasanay.

Noong naimbento na rin sa kompyuter ang mga bagay na maaaring makatulong sa mga tao at makapagbigay aliw, nabigyang pansin na ring gamitin ang mga kompyuter at mobile devices sa pang-edukasyong gawain. Dahil ang pagkatuto ay dapat nakakasiya, nakakaakit, at nakahahasa ng mga kaalamang magagamit sa mga kasanayan sa hinaharap at mga kasanayan sa trabaho.

Ang Minecraft: Education Edition ay hindi lamang isang laro sa kompyuter ngunit maaari ring gamitin upang linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagtulungan, komunikasyon, pagkamalikhain, kritikal na pag-iisip, pagsulat ng media, paglutas ng problema, sistema ng pag-iisip, pagpapahusay ng mga kasanayang panlipunan at pangangalaga sa damdamin ng pagkatuto sa pamamagitan ng paglalaro. Kaya, isinagawa ang Minecraft: Education Edition Trainers Program kung saan kikilalanin ang mga guro sa tawag na "Minecraft Champions."





Ang programa sa pagsasanay ng GBL ay nagkaroon ng Batch 1 at Batch 2 ng Minecraft Champions na mula sa Luzon (87), Visayas (38) at Mindanao (34). Ang Unang Batch ng Minecraft Champions ay hinasa ng 3 araw na binubuo ng 4 na Pilot Divisions tulad Division ng Pasig, Zambales, Leyte, at Tagum City. Sa pagkakataong ito, natutuhan ng mga kalahok na guro ang mga alituntunin ng pag-aaral na nakabase sa laro. Ang workshop ay nakatuon sa paggamit ng Minecraft: Education Edition bilang kasangkapan sa pagtuturo, pag-aaral ng mga estudyante, at pinakamainam na gawain sa paghahatid ng mga aralin gamit ang laro noong Abril 22, 27, at 29, 2021.

Sinundan naman ang pagsasanay ng mas pinalawak na oportunidad para sa mga guro ng Pilot Schools sa mga Dibisyon noong Pebrero 23-25, 2022. Pinaigting pa ang magandang balita dahil ang Minecraft: Education Edition ay maaaring ma-download at i-install galing sa Google Play Store. Ang DepEd ay pinagpalang mapili bilang Pilot ng Minecraft: Education Edition para sa mga mobile devices. Maaari din itong ma-install sa Windows at IOS Devices sa pagpunta sa education.minecraft.net gamit ang Office 365 account ng mga guro at mag-aaral.

Layunin ng programang ito na ituon ang mga tagapagturo sa paraan ng pag-aaral ng agham at teknolohiya, engineering, sining, at matematika. Inihanda ng Minecraft Champions ang kanilang pagtatanghal ng capstone sa sumusunod na nilalaman:

1. Mga Ideya tungkol sa Minecraft: Education Edition (Mga Guro, Mga Estudyante, at Mga Magulang)
2. Mga Karanasan sa Oras ng Pagtuturo
3. Mga Hamon na Nakaharap
4. Solusyon at Hacks
5. Pagpapahalaga ng Platform (AHA Moments)
6. Plano para sa Pagsulong ng Paggamit sa M:EE para sa iyong Dibisyon.



Kaya ang Minecraft ay angkop para sa kasalukuyang kalakaran ng edukasyon. Ang pangunahing responsibilidad ng mga tagapagturo ay isama sa pag-aaral ang epektibong kaparaanan kung paano magagamit ang GBL upang mahasa at mapaunlad ang pagkatuto ng bawat mag-aaral. Ang bukas nating kaisipan sa mga bagong approaches

TOMO 1 • ISYU 2 • MARSO 15, 2022
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT

# TECHTALKS: 'SAFER INTERNET DAY' KAMPANYANG NAGUSUSULONG NG RESPONSABLE AT LIGTAS NA PAGGAMIT NG INTERNET

*ni Jester M. Pagkaliwagan*




Hinikayat ng pamahalaan ang mga ahensiya ng gobyerno kabilang na ang Kagawaran ng Edukasyon, iba't ibang sektor gaya ng media, miyembro ng pamayanan, mga magulang, at mga kasapi ng iba't ibang organisasyon, pampubliko man o pribado upang tumindig sa pagbuo ng mas ligtas, mas magiliw at mas maayos na 'digital world' para sa kabataan. Ito ay alinsunod sa Presidential Proclamation No. 417, ang Safer Internet Day para sa mga Batang Pilipino tuwing ikalawang Martes ng Pebrero. Sa temang "CRC Next Level: Click, Respect, Connect, Safe Online Relationships," ang SIDPh ngayong taon ay nakatuon sa proteksiyon ng bata sa mga paaralan, na nagpo-promote ng child online protection at digital literacy.




Sa layuning ito, ang Office of the Undersecretary for Administration o OUA, sa pamamagitan ng Information and Communications Technology Services - Educational Technology (ICTS-EdTech) ay nagsagawa ng isang libreng 'webinar' noong ika-12 ng Pebrero 2022, ganap na ika-1 ng hapon hanggang ika-4 ng hapon. Nakatuon ang mga paksa sa kapakanan ng mga mag-aaral at mga guro.

Kabilang na rito ang mga sumusunod:

a. Love Scam – Tinalakay ni Atty. ... partikular na ang mga dating apps.

b. TechTalk Session # 1: Safe Browsing and Digital Footprints – Ipinaliwanag ni Gng. Jade April Agang-ang, Teacher I mula SDO Davao City ang kahalagahan ng 'Digital Citizenship' gaya ng social media etiquette o tinatawag ngayon na 'Netiquette'.

c. TechTalk Session # 2: Best Practices of Microsoft Teams Security – Ipinakita naman ni Gng. Haidee S. Garido, Master Teacher II mula SDO Pasig and mga hakbang upang lubos na magamit ang mga tampok na seguridad ng MS Teams.




d. TechTalk Session # 3: Online Classroom Safety Best Practices Using Microsoft Teams – Ibinahagi ni Bb. Mary Ann C. Isanan, Teacher II mula SDO Leyte ang pinakamahusay na kasanayan tungkol sa online safety gamit ang iba't ibang Microsoft Technologies.

e. New Program Highlights – Ibinida naman ni G. Mark Anthony F. Jamisal, Program Head ng Microsoft for Education ang kanilang mga bagong programa na tiyak na makatutulong sa paglago ng sistema ng edukasyon sa bansa katuwang ang kompanyang Microsoft.

Nagbigay naman ng pahayag ang head ng ICTS-EdTech na si G. Mark Anthony C. Sy. Ayon sa kaniya, ang pribilehiyong makapag-post o makapagbahagi ng content sa social media ay kinakailangang suriin munang mabuti at pag-isipan kung ito nga ba ay tunay na makatutulong para sa ikauunlad ng sarili. Samakatuwid ang responsableng paggamit ng internet at tamang paggabay sa kabataan ay malaking bahagi upang maisakatuparan ang layunin na ito ng gobyerno.

Sa patuloy nating pagsulong sa kinabukasan, hindi maiiwasan ang paggamit ng internet bilang bahagi ng pag-unlad ng lipunan na ating kinabibilangan. Kung kaya't kinakailangan nating tiyakin ang kaligtasan ng bawat isa, maging ng mga susunod na henerasyon mula sa mga masamang dulot ng cyberspace.





EdTechayagan
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG
DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT

PATNUGUTAN

MARK ANTHONY C. SY
*Punong Patnugot*

APRELLENE B. MARQUEZ
ADRIYEL M. SANTIAGO
RUBILYN C. PASTRANO
MAY ANTONETTE G. MAGWILI
ARIEL A. DELOS SANTOS
PAMELA AMOR R. VILLANUEVA
SHELLA MAE W. PAREJA
JESTER M. PAGKALIWAGAN
*Mga Manunulat*

SALVADOR E. MANANSALA I, NEIL ARVIN V. BAUTISTA, JOHN JEFFERSON C. SEVILLA, DANNA ROSE C. JAVIER, MARICON N. SAMIN AT MARCO PAOLO M. VICTORIANO



# EdTechayagan

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT

TOMO 1 • ISYU 2
MARSO 15, 2022

## VIRTUAL FLAG RAISING CEREMONY SA MS TEAMS, TAGUMPAY!

*ni Salvador E. Manansala I*



Matagumpay na naisagawa ang kauna-unahang Virtual Flag Raising Ceremony gamit ang Microsoft Teams, Pebrero 17, 2022.

Pinangunahan ang programang ito ng DepEd ICTS-EdTech Unit na dinaluhan ng iba't ibang opisina ng kagawaran, mga punongguro, guro, mag-aaral, at maging mga magulang. Layon ng programang ito ang gamitin at subukin ang bagong feature ng Microsoft Teams na may kakayahang maghost ng hanggang 100,000 participants sa isang controlled virtual environment.

Sa naturang Virtual Flag Raising Ceremony ay ipinaliwanag ni G. Mark Anthony F. Jamisal, Senior EdTech Specialist ang husay ng bagong feature ng Microsoft TEAMS . Kaniyang ipinakita kung paanong mas higit itong makatutulong sa pagsasagwa ng mga online classes at virtual meetings ng mga guro.

Binigyang-diin naman ni Usec. Alain Del B. Pascua, Undersecretary for Administration ang kahalagahan ng mga pagbabago at pagsabay sa teknolohiya upang mas maisulong ang pagpapaangat sa kalidad ng edukasyon sa bansa.

Itinampok din ang SDO-Nueva Ecija sa pamumuno ng Panunumpa sa Watawat at Panunumpa ng Lingkod Bayan. Nagsilbing tagapagdaloy ng programa sina Ma'am Pamela Amor Villanueva at Sir Marco Paolo Victoriano, EdTech Specialists at National DepEd TV Teacher-Broadcasters.

